Kailan dapat manatili sa bahay at hindi pumasok sa childcare o elementarya ang iyong anak?



1. Nakaranas ba ng lagnat, ubo, pananakit ng lalamunan, o baradong ilong ang iyong anak sa nakalipas na 24 na oras?

Dapat manatili sa bahay at hindi pumasok sa childcare o elementarya ang iyong anak. Kung lalala ang kundisyon ng bata at/o nababahala ka, makipag-ugnayan sa iyong doktor o sa medikal na serbisyo sa labas ng oras ng trabaho.

2. May sakit pa rin ba ang iyong anak pagkalipas ng 48 oras?

OO/ MAYROON

Tumawag sa iyong doktor o sa medikal na serbisyo sa labas ng oras ng trabaho kung hindi bubuti ang pakiramdam ng iyong anak.

Pagpapasyahan ng doktor kung dapat bang magpasuri ang iyong anak para sa COVID-19.

HINDI/ WALA

Puwedeng pumasok sa childcare o paaralan ang iyong anak kung mukhang maayos na ang kanyang pakiramdam at wala siyang lagnat.

Hindi kailangang magpasuri ng bata para sa COVID-19.

Puwedeng pumasok sa childcare o elementary ang bata kahit mayroon pa siyang mga hindi malubhang sintomas gaya ng sipon, kaunting pamamaos, o hindi malalang ubo.

3. Dapat bang magpasuri ang iyong anak para sa COVID-19?



OO/ MAYROON

Dapat manatili sa bahay ang iyong anak hanggang sa makuha mo ang mga resulta ng pagsusuri.

HINDI/ WALA

Puwedeng pumasok sa childcare o elementarya ang iyong anak kung mukhang bumuti na ang kanyang pakiramdam at wala siyang lagnat.

Puwedeng pumasok sa childcare o elementary ang bata kahit mayroon pa siyang mga hindi malubhang sintomas gaya ng sipon, kaunting pamamaos, o hindi malalang ubo.

4. Mayroon bang COVID-19 ang iyong anak?



OO/ MAYROON

Dapat manatili sa bahay ang iyong anak.

Sasabihin sa iyo ng munisipalidad kung aling mga panuntunan ang kailangang sundin mo at ng iyong pamilya habang may sakit ang bata.

HINDI/ WALA

Puwedeng pumasok sa childcare o paaralan ang iyong anak kung mukhang bumuti na ang kanyang kalagayan at wala na siyang lagnat.

Puwedeng pumasok sa childcare o elementary ang bata kahit mayroon pa siyang mga hindi malubhang sintomas gaya ng sipon, kaunting pamamaos, o hindi malalang ubo.

Makipag-ugnayan sa iyong doktor o sa medikal na serbisyo sa labas ng oras ng trabaho kung ang bata ay may sipon at:

- Ayaw maglaro o magkikilos.
- May lagnat at pananakit ng kalamnan, nawalan ng gana, walang sigla, o nasusuka o nahihilo.
- Nahihirapang huminga at/o mas mabilis huminga kaysa sa karaniwan habang nagpapahinga.
- Tandaang hindi naipapaliwanag ng mga bata ang kanilang nararamdaman, posibleng sila ay maging mareklamo, palaging dumikit sa iyo, o maging iritable.

FHI